Pagsusuri sa Tuberculosis
Mga Pinakabagong Patakaran Dapat Sunurin ng mga Paaralan

Ano ang Tuberculosis (TB)?

Ang TB ay isang impeksyon, sanhi ng bakterya, at karaniwang natatagpuan sa baga. Ang TB ay kumakalat sa mga tao pamamagitan nang paglanghap ng hangin na may bakterya na nanggagaling sa taong my sakit na TB.

Mga karaniwang haka-haka tungkol sa TB:

Haka-haka: Ang mahawa ng TB ay nangangahulugan na ikaw ay may aktibong TB.
Katotohanan: Ang impeksyon ay hindi agad nangangahulugang ikaw ay may sakit. Hindi lahat na nahawaan ng TB ay nagkakasakit:

Impeksyon ng TB	Aktibong may Sakit ng TB
Hindi nakakaramdam na may sakit	Karaniwang nararamdamang may sakit
Walang mga sintomas.	May mga sintomas: • Malalang ubo sa loob ng tatlong linggo o higit pa • Pananakit ng dibdib • Umuubo at naglulura ng dugo • Panghihina • Lubos na pagkapagod na nararandaman • Pumapayat
Hindi nakakahawa ng TB bakterya sa iba	**Maaaring makahawa ng TB bakterya sa iba**
Karaniwang may positibong resulta sa pagsusuri sa balat o dugo.	Karaniwang may positibong resulta sa pagsusuri sa balat o dugo.
Normal ang x-ray sa baga.	Hindi normal ang x-ray sa baga at kinakailangan ng karagdagang pagsusuri
Kinakailangang gamutin para sa impeksyon ng TB upang maiwasan na magkaroon ng aktibong TB sa hinaharap.	Kinakailangang gamutin para sa aktibong sakit na TB.

Haka-haka: Ang pag testing sa TB ay katulad ng screening sa TB.
Katotohanan: Ang pag testing kung may TB ay hindi katulad sa pag screening para sa TB. Sa pag screening sa TB, isang pagtantiya sa panganib ng TB (mga serye ng katanungan) ay isinasagawa ng isang taga-klinika(doktor o nars). Kung natantiya na ang tao ay lubos na nanganganib, ang eksaminasyon sa TB ay siyang namang isasagawa. Ang kaibahan nito, ang eksaminasyon sa TB ay kinabibilangan ng pag-eksamen sa balat (TST) o eksamen sa dugo (QFT o T-Spot). Kung positibo ang mga eksamen na ito, isinasagawa ang x-ray sa baga.

Ano ang kasalukuyang Kautusan sa Paaralan para sa TB?

Ipinatutupad ng Department of Public Health (DPH) ng Los Angeles (LAC) na ang lahat ng mga batang magsisimula sa kindergarten o papasok sa unang pagkakataon sa isang paaralan sa California na magpa-eksamen sa TB at ibigay ang mga resulta bago magsimulang pumasok sa paaralan. Kung positibo ang eksaminasyon sa balat, ang magaaral ay kinakailangan ng x-ray sa baga.

Los Angeles County Department of Public Health
www.publichealth.lacounty.gov

County of Los Angeles Public Health
Tuberculosis Control Program

Pagsusuri sa Tuberculosis

Mga Pinakabagong Patakaran Dapat Sunurin Ng Mga Paaralan

Mga karaniwang haka-haka tungkol sa Kautusang Pampaaralan para sa TB:

Haka-haka: Ang Kautusang Pampaaralan ay ginagamit upang hanapin at gamutin ang mga batang may aktibong sakit na TB.

Katotohanan: Ang kautusan ay nilikha upang matiyak at masubaybayan ang antas ng mga impeksyon ng TB, HINDI upang tuklasin at gamutin ang mga kaso ng may aktibong sakit na TB. Ang LAC DPH Tuberculosis Control Program (TBCP) ay nag-iimbestiga sa lahat ng edad upang hanapin ang may aktibong kaso ng TB.

Haka-haka: Kung walang Kautusanng Pampaaralan para sa TB, hindi masusubaybayan ang mga kaso ng TB.

Katotohanan: Ang TBCP ay patuloy na susubaybayan ang mga kaso ng TB sa mga bata upang matiyak na ang mga antas ng TB ay patuloy na bumababa.

Haka-haka: Tinitiyak ng Kautusanng Pampaaralan na ang mga bata na may aktibong sakit na TB ay nagagamot.

Katotohanan: Hindi isinasagawa ang pagsusubaybay para matiyak na ang mga bata na positibo ang resulta para sa impeksyon na TB ay nakakatapos ng paggagamot. May mga ebidansya na karamihan sa mga nagsisimulang magpagamot ay hindi nakakatapos.

Haka-haka: Kung hindi itinatag ang kautusan, dadami ang mga kaso ng TB sa mga bata sa LA County.

Katotohanan: Ang iba pang mga county sa California na walang kautusang pampaaralan para sa TB, tulad ng San Diego at Riverside, ay patuloy na nakikita na ang kaso ng TB sa mga bata ay bumababa.

Ano ang panukalang bagong pamamaraan?

- Tapusin ang kasalukuyang Kautusang Pampaaralan para sa TB. Ipasuri ang mga bata sa TB sa kanilang eksameng pisikal sa unang baitang.
- Lahat ng eksaminasyon nararapat ay gagawin sa bata sa isang pagbisita sa doktor. (Ipagkakaloob ng doktort sa unang ekasaminasyon ng inyong anak ang lahat ng nauukol sa kanya).
- Ang screening ay gagawin ng mga doktor sa mag-aaral at i-test lamang sila kung may mataas na panganib.
- Irerekumenda ang inyong anak sa mga tanggapang medikal kung saan maaari silang makatanggap ng ibat ibang uri ng tulong pangkalusugan.

Bakit dapat itong baguhin?

- Sa halip na magpatingin sa doktor nang maraming beses ang TB screening ay magiging bahagi na ng eksaminasyong pisikal para sa mga nasa unang baitang.
- Upang maiwasan na ang mga batang walang impeksyon ng TB na magamot, na maaaring makasama sa atay.
- Sinasabi ng mga eksperto na ang prosesong ito ang pinakamainam na paraan.
- Upang pagtuunan ng pansin ang mas mabuting paraan para matagpuan mga aktibong TB at mapababa ang antas nito.
- Upang tiyakin na ang mga bata ay may pampamilyang doktor para sa lahat ng kanilang pangangailangan medikal

Los Angeles County Department of Public Health
www.publichealth.lacounty.gov

County of Los Angeles Public Health
Tuberculosis Control Program

Pagsusuri sa Tuberculosis

Mga Pinakabagong Patakaran Dapat Sunurin Ng Mga Paaralan

Sino-sinong mga bata ang mas nanganganib na mahawahan ng TB?

- Ang mga batang hindi ipinanganak sa Estados Unidos at sa mga rehiyon ng mundo na may matataas na antas ng TB (karaniwang sa lahat ng bansa maliban sa Estados Unidos, Canada, Australia, New Zealand, at sa mga bansa ng Kanlurang Europa).
- Mga batang nakapag-ugnayan sa mga taong napatotohanang o napaghinalaang may sakit na TB.
- Ang mga batang naglakbay sa isang bansa na may mataas na antas ng TB sa loob ng mahigit na isang linggo.
- Mga bata na uminom ng sariwang gatas o kumain ng hindi na-pasteurize na keso.

Ang pagbabagong ito ba sa kautusang pampaaralan ay lalong maglalagay sa panganib ang aking anak?

Hindi, Hindi magbabago ang panganib sa inyong anak. Maaari ninyong ipasuri ang inyong anak habang isinasagawa ang regular na eksaminasyong pisikal.

Saan ako maaaring makakuha ng eksaminasyong pisikal para sa aking anak na nasa unang baitang?

- Ang eksaminasyong pisikal ay ginagawa kung saan kadalasan ang pamilya ay nagpapagamot o nagpapatingin gaya ng doktor ng pamilya, kasama na ang: pribadong mga doktor, mga klinika sa komunidad, mga klinika ng departamento ng kalusugan, mga prepaid na planong pangkalusugan, mga militar na pasilidad, ilang mga distrito ng paaralan at iba pang mga kagawad.
- Ang nakalakip na dokumento ay nagbibigay sa inyo ng pagpipilian upang ipatala ang inyong anak sa isang libre o murang planong pangkalusugan.

Ito ba ay nakaka-apekto sa mga paaralang nursery, mga boluntaryo sa paaralan, o tauhan ng paaralan?

Hindi. Ang pagbabagong ito ay para lamang sa mga mag-aaral sa baitang K-12.

Paano kung lahat ng aking mga tanong ay hindi nasagot ng dokumentong ito?

Para sa karagdagang impormasyon, mangyari lamang na pumunta kayo sa website ng Tuberculosis Control Program: **http://publichealth.lacounty.gov/tb/**